SAN MATEO COUNTY HEALTH
PUBLIC HEALTH,
POLICY & PLANNING

Dr. Scott Morrow, Health Officer
Cassius Lockett, PhD, Director

Public Health, Policy & Planning
225 37th Avenue
San Mateo, CA 94403
smchealth.org

# KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY NG SAN MATEO PARA SA PAGKONTROL SA COVID-19 Blg. c19-6b (BINAGO) NA NAG-UUTOS SA MGA INDIBIDWAL SA COUNTY NA NADAYAGNOS NG COVID-19 NA IBUKOD ANG KANILANG MGA SARILI

PETSA NG KAUTUSAN: Mayo 14, 2020

**Mangyaring basahin nang mabuti ang Kautusang ito. Ang paglabag sa o hindi pagsunod sa Kautusang ito ay isang** munting paglabag sa batas na napaparusahan ng pagmumulta, pagkakakulong, o pareho. **Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan ng California , § 120295, et seq.; Cal. Penal Code §§ 69, 148(a)(1).**

## BUOD NG KAUTUSAN

Ang California ay nasa Kalagayan ng Emerhensya dahil sa pandemyang Coronavirus 2019 ("COVID-19"). Ang pagkalat ng bagong coronavirus na nagdudulot ng COVID-19 ay isang malaking panganib sa kalusugan ng publiko sa loob ng County ng San Mateo ("County"). Ang COVID-19 ay madaling makalat sa pagitan ng mga tao na may malapitang pakikisalamuha sa isa't isa. Ang Kautusang ito ay inilabas batay sa sayentipikong ebidensya at mga pinakamahusay na kasanayan na nalalaman sa kasalukuyan at magagamit para maprotektahan ang mga pinakamadaling maapektuhan na miyembro ng publiko mula sa maiiwasang panganib ng malubhang sakit o kamatayan na nagreresulta mula sa pagkalantad sa COVID-19. Ang edad, kondisyon at kalusugan ng malaking bahagi ng populasyon ng County ay naglalagay nito sa panganib ng malubhang mga komplikasyon sa kalusugan, kabilang ang kamatayan, mula sa COVID-19. May lumalaking ebidensya ng panganib ng transmisyon mula sa mga nahawaang tao bago ang paglitaw ng mga sintomas. Kaya, lahat ng mga indibidwal na nagkasakit ng COVID-19, anuman ang kanilang antas ng mga sintomas (wala, banayad o malubha), ay maaaring maglagay sa ibang pinakamadaling maapektuhang mga miyembro ng publiko sa malaking panganib. Sa kasalukuyan, walang partikular na paggamot para sa COVID-19 at walang bakuna na magagamit para maprotektahan laban sa transmisyon ng COVID-19.

Para tumulong sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19, maprotektahan ang pinakamadaling maapektuhang mga indibidwal, at maiwasang mabigatan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa County, kinakailangan ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo na ibukod ang mga taong may COVID-19. Ang "Pagbubukod" ay ang paghihiwalay sa mga taong nahawaan ng COVID-19 mula sa ibang mga tao. Ang Kautusang ito ay tumutugon sa mga kinakailangan sa pagbubukod. Ang "Pag-quarantine" ay naghihiwalay at naghihigpit sa pagkilos ng mga tao na, habang hindi pa nahawaan ng COVID-19, ay nalantad sa COVID-19 at samakatuwid ay maaaring nakahahawa. Ang Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo Blg. c19-7 ay naglalaman ng mga kinakailangan sa pag-quarantine. Ang Kautusang ito ay inupdate noong Mayo 14, 2020, para isama ang mga pagbabago sa protokol sa pagbubukod sa sarili batay sa bagong gabay mula sa mga Centers for Disease Control and Prevention ng Estados Unidos.

**SA ILALIM NG AWTORIDAD NG MGA SEKSYON 101040; 101085; 120130; AT 120175 NG ALITUNTUNIN SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA, ANG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY NG SAN MATEO ("OPISYAL NG KALUSUGAN") AY NAG-UUTOS NA:**

**1. Ang lahat ng mga indibidwal na may COVID-19, tulad ng inilarawan sa Seksyon 2 ng Kautusang ito, ay dapat na ibukod ang kanilang mga sarili at sundin ang lahat ng mga tagubilin sa Kautusang ito at ang gabay na mga dokumento ng Pampublikong Kalusugan ng County ng San Mateo ("Pampublikong Kalusugan") na tinutukoy sa Kautusang ito. Ang pagbubukod sa sarili ay kinakailangan dahil ang isang tao na may COVID-19 ay maaaring madaling maikalat ang virus sa ibang mga tao. Ang pagbubukod ay naghihiwalay sa mga may sakit na indibidwal mula sa ibang mga tao para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.**

2. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang isang indibidwal, maliban sa isang menor de edad o taong may espesyal na mga pangangailangan na nangangailangan ng espesyal na pangangalaga, ay agad magiging "Taong may COVID-19" sa ilalim ng Kautusang ito kapag natugunan ang anuman sa mga sumusunod na batayan:

a. Ang tao ay sinabihan na sila ay may positibong resulta mula sa laboratoryo para sa COVID-19 na virus; O

b. Ang tao ay may mga palatandaan at mga sintomas na katulad ng sa COVID-19, na tinakda sa gabay mula sa Centers for Disease Control (CDC) sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/symptoms-testing/symptoms.html, sa loob ng 14 na araw ng sadyang nasa malapitang pakikisalamuha sa iba pang tao na kilala o hinihinalang may kakayahan na aktibong maikalat ang COVID-19 at ang naturang mga sintomas ay hindi naipapaliwanang ng iba pang kondisyon na umiiral na noon bago ang malapitang pakikisalamuha; O

c. Ang tao ay sinabihan ng isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na sila ay malamang na may COVID-19; O

d. Ang tao ay mayroong mga palatandaan at mga sintomas na katulad ng sa COVID-19 at naghihintay sa mga resulta sa pag-test para sa COVID-19.

3. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang isang Taong may COVID-19 na, sa anumang panahon ng kanilang naaangkop na Panahon ng Pagbubukod tulad ng naitakda sa Seksyon 6, na walang akses sa isang tahanan o tirahan para sa layunin ng pagbubukod ay hindi ituturing na lumalabag sa Kautusang ito kung, sa panahon ng pag-abiso ng pagiging positibo sa pag-test sa COVID-19, ang nasabing tao ay kaagad na ipinaalam sa Sangay ng Tirahan at Pag-aalaga ng Sentro ng mga Operasyon sa Emerhensya ng County ng San Mateo sa pamamagitan ng pagtawag sa 211 para ipagbigay-alam ang kanilang COVID-19 na kalagayan at humiling ng isang lokasyon para sa pagbubukod, ganap na nakikipagtulungan sa mga kawani ng EOC, at sumusunod sa Kautusang ito.

4. Ang Kautusang ito ay inilabas alinsunod sa, at isinasama sa pamamagitan ng pagsangguni sa, Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng isang Kalagayan ng Emerhensya na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, Marso 3, 2020 na Proklamasyon ng Direktor ng Pang-Emerhensiyang mga Serbisyo na Nagpapahayag ng Umiiral na isang Lokal na Emerhensya sa County, Marso 3, 2020 na Deklarasyon ng Lokal na Emerhensya sa Kalusugan Tungkol sa Bagong Coronavirus 2019 (COVID-19) na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan, Marso 10, 2020 na Resolusyon ng Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ng San Mateo na Nagpapatibay at Nagpapalawig sa Deklarasyon ng isang Lokal na Emerhensya sa Kalusugan, Abril 7, 2020 na Resolusyon ng Lupon ng mga Tagapangasiwa na Lalong Nagpapalawig sa Proklamasyon ng Lokal na Emerhensya sa Kalusugan Hanggang sa Gumawa ng Pagkilos ang County na Wakasan ang Lokal na Emerhensya, Abril 15, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-1b na nagpapalawig at nagrerebisa sa Kautusang nagbabawal sa mga bisita sa mga pasilidad ng sanay na pangangalaga hanggang sa lahat ng residensyal na uri ng pasilidad, Abril 13, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-3c na nagpapalawig at nagrerebisa sa Kautusan sa Pagbabago sa mga Operasyon ng Paaralan, Marso 24, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-4 na nagdidirekta sa lahat ng laboratoryong nagsasagawa ng mga dayagnostikong pagsusuri para sa COVID-19 na iulat ang impormasyon ng pag-test para sa COVID-19, Abril 29, 2020 na Kautusang Manatili sa Bahay Blg. c19-5c, Abril 17, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-8 na nag-aatas sa mga miyembro ng publiko at mga manggagawa na magsuot ng mga pantakip ng mukha, at Mayo 11, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-9 nagpapahintulut sa isang mahigpit na kontroladong pagtitipon sa sasakyan.

5. Mga Tagubilin. Ang lahat ng mga Taong may COVID-19 ay dapat gawin kaagad ang mga sumusunod na aksyon:

a. Ibukod ang kanilang mga sarili sa loob ng kanilang mga tahanan o sa iba pang tirahan, tulad ng isang hotel o motel, sa kabuuan ng naaangkop na Panahon ng Pagbubukod na naitakda sa Seksyon 6. Ang isang Taong may COVID-19 na walang akses sa isang tahanan o iba pang tirahan ay dapat sumangguni sa Seksyon 3, sa itaas. Hindi sila maaaring umalis sa kanilang lugar ng pagbubukod o pumasok sa iba pang pampubliko o pribadong lugar, maliban kung tatanggap ng kinakailangan na pangangalagang medikal o sa panahon ng isang emerhensya na nangangailangan ng paglikas para maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng indibidwal. Tingnan ang Apendiks A na nakapaskil sa https://www.smchealth.org/post/health-officer-statements-and-orders at nakalakip sa Kautusang ito, para sa karagdagang gabay.

b. Suriing mabuti at eksaktong sundin ang lahat ng mga kinakailangan na inilista sa "Mga Tagubilin para sa Pagbubukod sa Bahay" na nakapaskil sa www.smchealth.org/post/health-officer-statements-and-orders at nakalakip sa Kautusang ito bilang Apendiks B.

c. Sabihan agad ang kanilang mga Malapitang Nakasalamuha na kailangan nilang i-quarantine ang kanilang mga sarili at magpa-test. Ang mga Malapitang Nakasalamuha na dapat maabisuhan para mag-quarantine sa sarili ay ang mga taong nagkaroon ng malapitang pisikal na distansya sa kanila sa panahon ng kanilang pagiging nakahahawa. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang panahon ng pagiging nakahahawa ay nagsisimula sa 48 oras bago nagsimula ang mga sintomas (o, sa kawalan ng mga

sintomas, sa petsa ng pagkolekta ng isang nagpositibong test) at nagtatapos kung kailan matatapos ang naaangkop na Panahon ng Pagbubukod (tingnan ang Seksyon 6 sa ibaba). Para sa mga layunin ng kautusang ito, ang isang "Malapitang Nakasalamuha" ng isang Taong may COVID-19 tulad ng tinukoy sa Seksyon 2 ay kinabibilangan ng sinumang tao na, sa panahon ng pagiging nakahahawa ng Taong may COVID-19:

i. Nakatira sa o nanatili sa parehong tirahan kasama ng Taong may COVID-19 kapag ang Taong may COVID-19 ay hindi sumusunod sa Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay; O
ii. Naging kapares sa pagtatalik ng Taong may COVID-19; O
iii. Nanatili sa loob ng 6 na talampakan sa Taong may COVID-19 sa loob ng 10 minuto o higit pa habang ang Taong may COVID-19 ay hindi nagsuot ng isang pantakip ng mukha; O
iv. Nagkaroon ng direktang ugnayan sa anumang tagal ng panahon sa mga likido ng katawan at/o mga sekresyon ng Taong may COVID-19 (*hal.*, naubuhan o nabahingan, ginamit ang mga kubyertos, o binigyan ng pangangalaga o nagbigay ng pangangalaga sa kanila nang hindi nagsusuot ng
v. mask, gown, at mga guwantes).

d. Ipasangguni ang kanilang mga Malapitang Nakasalamuha sa "Mga Tagubilin para sa Pag-quarantine sa Bahay" na nakapaskil sa www.smchealth.org/post/health-officer-statements-and-orders na nagsasalarawan sa mga hakbang na dapat gawin ng mga Malapitang Nakasalamuha para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19. Ang mga Malapitang Nakasalamuha ay malamang na nalantad sa COVID-19 at kung nahawaan, ay maaaring madaling maikalat ang COVID-19 sa ibang mga tao, kahit na wala silang mga sintomas o mayroon lamang banayad na mga sintomas. Ang mga Malapitang Nakasalamuha ay dapat na ipa-test.

e. Ganap na makipagtulungan sa Pampublikong Kalusugan tungkol sa: i) koleksyon, pag-uulat at pagsubaybay ng mga reading ng temperatura at iba pang impormasyon sa kalusugan; ii) pagsubaybay sa nakasalamuha at mga kaugnay na mga imbestigasyon, kasama ang pagkakakilanlan ng mga nakasalamuha; at iii) anumang patuloy na pagsubaybay ng Pampublikong Kalusugan, kasama ang pagkatapos ng Panahon ng Pagbubukod.

6. Ang Taong may COVID-19 ay kinakailangang ibukod sa Panahon ng Pagbubukod na alinsunod sa sumusunod:

a. Ang mga indibidwal na <u>walang</u> mga sintomas ay dapat na ibukod nang sampung (10) araw mula sa petsa ng nagpositibong test.

b. Mga indibidwal na may mga sintomas ay dapat na ibukod hanggang sa mas matagal pa sa sumusunod:

i. Hindi bababa sa tatlong (3) araw (72 oras) ang lumipas pagkatapos na gumaling, tinukoy bilang paggaling ng lagnat nang hindi umiinom ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat at pagbuti ng mga sintomas sa respiratoryo, kung mayroon (hal., ubo, pangangapos ng hininga), AT

ii. Hindi bababa sa sampung (10) araw ang lumipas mula ng nagsimula ang kanilang mga sintomas. Ang mas matagal na mga panahon ng pagbubukod ay maaaring irekumenda sa ilang mga pagkakataon.

7. Ang Opisyal ng Kalusugan ay maaaring gumawa ng karagdagang (mga) aksyon, na maaaring magsama ng sibil na pagkakakulong o pag-atas sa isang tao na manatili sa isang pasilidad ng kalusugan o iba pang lokasyon, para maprotektahan ang kalusugan ng publiko kung ang isang indibidwal na nasasailalim sa Kautusang ito ay hindi sumunod sa Kautusang ito.

8. Ang Kautusang ito ay magiging epektibo sa 12:01 ng umaga sa Mayo 16, 2020 at magpapatuloy na magiging epektibo hanggang ito ay bawiin, palitan, o baguhin sa pamamagitan ng pagsusulat ng Opisyal ng Kalusugan.

9. Ang mga kopya ng Kautusang ito ay agad na: (1) makukuha sa 400 County Center, Redwood City, CA 94063; (2) nakapaskil sa website ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng County sa (www.smchealth.org/post/health-officer-statements-and-orders); at (3) ibibigay sa sinumang miyembro ng publikong humihingi ng kopya.

10. Kung alinmang probisyon ng Kautusang ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pagkakataon ay ituturing na walang bisa, ang natitirang bahagi ng Kautusan, kasama ang aplikasyon ng naturang bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pagkakataon, ay hindi maaapektuhan at magpapatuloy nang may buong lakas at bisa. Sa layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaaring ihiwalay.

**IPINAG-UUTOS:**

_____________________________ **Petsa:** Mayo 14, 2020

Scott Morrow MD, MPH
Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo

**Apendiks A:** "Mga Tagubilin para sa Pag-quarantine sa Bahay"

**Apendiks B:** "Mga Tagubilin para sa Pagbubukod sa Bahay"